# PAPAANO NAIIBA ANG ISLAM MULA SA IBANG MGA PANANAMPALATAYA? (BAHAGI 2 NG 2)

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Ang ilan sa mga natatanging tampok ng Islam na hindi matatagpuan sa iba pang mga sistema ng paniniwala at pamamaraan ng buhay. Ikalawang bahagi.

**Kategorya:** Mga Artikulo Mga Paniniwala ng Islam Ano ang Islam

**Ni:** Khurshid Ahmad

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020
**Huling binago noong:** 04 Oct 2009

## Balanse sa pagitan ng Indibidwal at Lipunan

Ang isa pang natatanging tampok ng Islam ay itinataguyod nito ang isang balanse sa pagitan ng pagkamasarili at kolektibismo (kumunismo). Ito ay naniniwala sa indibidwal na katangian ng tao at pinanghahawakan ang bawat isa na may pananagutan sa Diyos. Ang Propeta, nawa'y ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanya, ay nagsabi:

***“Ang bawat isa sa inyo ay isang tagapangalaga, at may pananagutan sa kung ano ang nasa kanyang pag-iingat. Ang pinuno ay isang tagapangalaga ng kanyang mga nasasakupan at mananagot para sa kanila; ang lalaki ay isang tagapangalaga ng kanyang pamilya at mananagot para dito; ang isang ginang ay isang tagapangalaga ng tahanan ng kanyang asawa at mananagot para dito, at ang alipin ay isang tagapangalaga ng pag-aari ng kanyang panginoon at mananagot para dito.”***

*Narinig ko yaon mula sa Apostol ng Diyos at sa palagay ko ang Propeta ay nagsabi din*, ***"Ang isang tao ay tagapangalaga ng pag-aari ng kanyang ama at mananagot para dito, kaya lahat kayo ay mga tagapangalaga at mananagot para sa iyong mga nasasakupan at mga bagay sa ilalim ng inyong pangangalaga." (Saheeh Al-Bukhari, Saheeh Muslim)***

Ang Islam ay tinitiyak din ang pangunahing mga karapatan ng indibidwal at hindi pinapayagan ang sinuman na manghimasok sa kanila. Binubuo nito ang wastong pag-unlad ng katangian ng tao na isa sa mga pangunahing layunin ng patakarang pang-edukasyon nito. Ito ay hindi sumasang-ayon sa pananaw na ang tao ay dapat alisin ang kanyang pagkatao sa lipunan o sa estado.

Sa Islam, lahat ng tao ay pantay, anuman ang kulay, wika, lahi, o nasyonalidad. Ito ay itinutuon ang sarili sa budhi ng sangkatauhan at inaalis ang lahat ng maling mga hadlang sa lahi, katayuan, at kayamanan. Hindi maaaring itanggi ang katotohanan na ang ganitong mga hadlang ay palaging umiiral at patuloy na umiiral ngayon sa

tinatawag na naliwanagang panahon. Ang Islam ay inaalis ang lahat ng mga hadlang na ito at inihahayag ang huwaran ng buong sangkatauhan sa pagiging isang pamilya ng Diyos.

Ang Islam ay may pandaigdigang pananaw at pamamaraan at hindi tinatanggap ang mga hadlang at pagkakaiba batay sa kulay, lipi, dugo, o teritoryo, tulad ng kalagayan bago ang pagdating ni Muhammad (pbuh). Sa kasamaang palad, ang mga pagtatanging ito ay nananatiling laganap sa iba't ibang anyo kahit sa makabagong panahong ito. Ang Islam ay nagnanais na pag-isahin ang buong lahi ng tao sa ilalim ng isang pamantayan. Sa isang daigdig na sinira ng mga pambansang alitan at kaguluhan, ito ay naghahatid ng isang mensahe ng buhay at pag-asa at ng isang maluwalhating hinaharap.

Ang mananalaysay, na si A. J. Toynbee, ay may ilang mga kagiliw-giliw na mga pagmamasid na ginawa tungkol dito. Sa Civilization on Trial, kanyang isinulat:
"Dalawang lantad na pinagmumulan ng panganib - isang sikolohikal at ang isa ay materyal - sa kasalukuyang mga ugnayan ng kosmopolitang proletaryong ito, ibig sabihin, [kanluraning sangkatauhan] sa nangingibabaw na bahagi ng ating makabagong Kanluraning lipunan ay kamalayan sa lahi at alkohol; at sa pakikibaka sa bawat isa dito ang Islamikong diwa ay may paglilingkod na maibibigay na maaaring patunayan, kung ito ay tatanggapin, na magkaroon ng mataas na moral at panlipunang kahalagahan.

Ang pagkawala ng kamalayan sa lahi sa pagitan ng mga Muslim ay isa sa mga pambihirang moral na tagumpay ng Islam, na sa kontemporaryong mundo ay mayroon, habang ito ay nagaganap, isang matinding pangangailangan para sa pagpapalaganap ng Islamikong kabutihang ito ... Ito ay maituturing na ang diwa ng Islam ay maaaring ang napapanahong pagpapatibay na magpapasya sa usaping ito na pabor sa pagpaparaya at kapayapaan.

Tungkol naman sa kasamaan ng alkohol, ito ay nasa pinaka-kasamaan sa mga sinaunang mga populasyon sa mga tropikal na rehiyon na 'binuksan' ng Kanluraning negosyo. Ang katotohanan ay nananatiling kahit na ang pinaka-dalubhasang pag-iwas na mga hakbang na ipinataw ng panlabas na awtoridad ay hindi makayang palayain ang isang pamayanan mula sa isang panlipunang bisyo maliban na lamang kung ang pagnanais para sa kalayaan at ang hangaring ipatupad ng kusa ay magising sa mga puso ng mga taong may kinalaman dito. Ngayon ang mga Kanluraning tagapangasiwa, gayun paman yaong nagmula sa 'Anglo-Saxon', ay espirituwal na nakahiwalay mula sa kanilang mga 'katutubong' bilangguan sa pamamagitan ng pisikal na 'panlahing paghihiwalay' na naitatag dahil sa kanilang kamalayan sa lahi; ang pagpapabagong-loob ng mga kaluluwa ng mga katutubo ay isang gawain na ang kanilang kakayahan ay hindi maaaring asahan na mapalawak; at sa puntong ito na ang Islam ay maaaring magkaroon ng isang bahagi upang gampanan.

Kamakailan lamang at sa mabilis na 'pagbubukas' ng mga tropikal na teritoryo, ang Kanluraning sibilisasyon ay nakagawa ng isang pang-ekonomiya at pampulitikang pagpupulong at, sa parehong diwa, isang panlipunan at espirituwal lamang na kawalan

o kahungkagan.

Dito, kung gayon, sa nalalapit na hinaharap, maaari nating mabanggit ang dalawang mahahalagang impluwensya na maaring isagawa ng Islam sa kosmopolitang proletaryo ng isang Kanluraning lipunan na naghagis ng lambat nito sa buong mundo at yumakap sa buong sangkatauhan; habang sa mas malayong hinaharap maaari nating isipin ang mga posibleng maiaambag ng Islam sa ilang bagong pagpapakita ng relihiyon."

## Pagpapanatili at Pagbabago

Ang mga elemento ng pagpapanatili at pagbabago ay magkasama sa lipunan at kultura ng tao at nakatakda itong manatili. Ang iba't ibang mga ideolohiya at sistemang pangkultura ay nagkamali sa pagsandal nang higit sa isa o iba pang mga dulo ng pagsasaalang-alang. Ang labis na pagpapahalaga sa pagpapanatili ay nagdudulot sa sistemang maging mahigpit at mawalan ito ng kaluwagan at pag-unlad, habang ang kakulangan ng pangmatagalang mga pagpapahalaga at hindi nagbabagong mga elemento ay bumubuo ng moral na pagkakanya-kanya, kawalang paghuhubog, at anarkiya.

Ang kinakailangan ay isang balanse sa pagitan ng dalawa - isang sistema na maaaring sabay na magsilbi para sa mga pangangailangan ng pagpapanatili at pagbabago. Ang isang Amerikanong hukom na si Ginoong Justice Cardozo, tamang nagsabing "ang pinakamahalagang pangangailangan ng ating panahon ay isang pilosopiya na siyang papagitan sa gitna ng magkakasalungat na pag-aangkin ng katatagan at pag-unlad at magtutustos ng isang prinsipyo ng paglago." Ang Islam ay naglalahad ng isang ideolohiya, na nakasasapat sa mga hinihingi ng katatagan pati na rin ng pagbabago.

Ang mas malalim na pagmuni-muni ay naghahayag na ang buhay ay napapaloob dito ang mga elemento ng pagpapanatili at pagbabago - ito ay hindi masyadong mahigpit at walang kaluwagan na hindi nito tatanggapin ang anumang pagbabago kahit na sa mga bagay na detalyado, ni ito ay masyadong maluwag at sunud-sunuran na kahit na ang natatanging kaugalian nito ay walang nananatiling katangian sa sarili nito. Ito ay nagiging malinaw mula sa pagmamasid sa proseso ng pisyolohikal na pagbabago sa katawan ng tao, dahil ang bawat tisyu ng katawan ay nagbabago nang maraming beses sa tanang buhay ng isang tao kahit na ang tao ay nananatiling pareho. Ang mga dahon, mga bulaklak, at mga prutas ay nagbabago ngunit ang katangian nito ay nananatiling hindi nagbabago. Ito ay isang batas ng buhay na ang mga elemento ng pagpapanatili at pagbabago ay dapat na magkasama sa isang maayos na pagsasaalang-alang.

Tanging ang ganitong sistema lamang ng buhay ang maaaring makapagbigay para sa parehong mga elementong ito na maaaring matugunan ang lahat ng mga paghahangad ng kalikasan ng tao at lahat ng mga pangangailangan ng lipunan ng tao. Ang mga pangunahing suliranin sa buhay ay nananatiling pareho sa lahat ng kapanahunan at panahon, ngunit ang mga paraan at pagmumulan upang malutas ang mga ito pati na rin ang mga pamamaraan ng paghawak sa kababalaghan ay sumailalim sa pagbabago sa paglipas ng panahon. Ang Islam ay nagdadala ng pag-tuon sa isang bagong pananaw

sa suliraning ito at sinisikap na malutas ito sa makatotohanang pamamaraan.

Ang Quran at Sunnah ay naglalaman ng walang hanggang gabay na ibinigay ng Panginoon ng sansinukob. Ang patnubay na ito ay nagmula sa Diyos, na malaya sa mga limitasyon ng espasyo at oras at, kung kaya, ang mga alituntunin ng pag-uugali ng indibidwal at lipunan na Kanyang ipinahayag ay batay sa katotohanan at ang mga ito ay walang hanggan. Ngunit ang Diyos ay nagpahayag lamang ng malawak na mga prinsipyo at pinagkalooban ang tao ng kalayaan na ilapat ang mga ito sa bawat edad sa paraang naaangkop sa diwa at mga kondisyon ng edad na yaon. Sa pamamagitan ng ijtihad (matalinong pagsisikap na marating ang katotohanan) na ang mga tao sa bawat edad ay sinisikap na ipatupad at ilapat ang banal na patnubay sa mga suliranin ng kanilang mga panahon. Kaya ang pangunahing patnubay ay nasa isang nananatiling kalikasan, habang ang pamamaraan ng paglalapat nito ay maaaring magbago alinsunod sa mga kakaibang pangangailangan ng bawat panahon. Kung kaya ang Islam ay palaging nananatiling sariwa at makabago sa bawat umaga ng kinabukasan.

## Buong Tala ng mga Turo ay Napanatili

Panghuli, ngunit hindi pinakahuli, ay ang katotohanan na ang mga turo ng Islam ay napanatili sa orihinal na anyo nito. Dahil dito, ang patnubay ng Diyos ay magagamit nang walang pagbabanto ng anumang uri. Ang Quran ay ang ipinahayag na aklat at salita ng Diyos, na kung saan ito ay nasa pag-iral na nitong huling labing apat na daang taon. Ito ay magagamit pa rin sa orihinal na anyo nito. Ang mga detalyadong ulat sa buhay ng Propeta at ng kanyang mga turo ay magagamit sa wagas na kadalisayan nito. Wala pang ni isang pagbabago ang ginawa sa natatanging talaan ng kasaysayang ito. Ang mga kasabihan at buong talaan ng buhay ng Propeta ay naipasa sa atin ng wala pang nakatumbas sa kawastuan at pagiging mapapanaligan sa mga gawa ng Hadith at Sirah (ang Talambuhay ng Propeta). Kahit na ang ilang bilang ng mga di-Muslim na kritiko ay umamin sa malinaw na katotohanang ito.

Ang mga ito ang ilan sa mga natatanging tampok ng Islam na nagtatag ng mga pag-kakakilanlan nito bilang relihiyon ng tao ang relihiyon ngayon at ang relihiyon ng bukas. Ang mga aspetong ito ay naka-akit sa milyun-milyong tao sa nakaraan at kasalukuyan at pinatunayan nila na ang Islam ay ang relihiyon ng katotohanan at ang tamang landas para sa sangkatauhan. Walang alinlangan na ang mga aspetong ito ay patuloy na makaka-akit sa mas maraming mga tao sa hinaharap. Ang mga taong may dalisay na mga puso at may matapat na pananabik sa katotohanan ay palaging patuloy na sasabihin:

“Ako ay nagpapatotoo na walang karapat-dapat sa pagsamba maliban sa Diyos, na Siya ay Nag-iisa, na hindi nagbabahagi ng Kanyang awtoridad kaninuman, at ako ay nagpapatotoo na si Muhammad ay Kanyang Lingkod at Kanyang Propeta."

Dito, ay nais naming pagtibayin sa mga sumusunod na salita na si George Bernard Shaw ay naiulat na sinabi:

Palagi kong pinanghahawakan ang relihiyon ni Muhammad sa mataas na pagtatangi dahil sa kahanga-hangang lakas nito. Ito lang ang nag-iisang relihiyon, na lumilitaw sa akin na nagtataglay ng yaong maliwanag na kakayahan sa pagbabago ng mga yugto ng pag-iral, na maaari itong maka-akit sa bawat panahon. Pinag-aralan ko siya - ang kahanga-hangang tao - at sa aking opinyon ay malayo siya sa pagiging isang Antikristo, dapat siyang tawaging Tagapagligtas ng Sangkatauhan. Naniniwala ako na kung ang isang taong katulad niya ang ilalagay sa diktadura ng makabagong mundo, siya ay magtatagumpay sa paglutas ng mga suliranin nito sa isang paraan na maaaring magdala dito sa higit na kinakailangang kapayapaan at kaligayahan. Aking huhulaan ang tungkol sa pananampalataya ni Muhammad na magiging katanggap-tanggap sa Europa ng kinabukasan gaya na nagsisimula na itong maging katanggap-tanggap sa Europa sa ngayon.

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/646/papaano-naiiba-ang-islam-mula-sa-ibang-mga-pananampalataya-bahagi-2-ng-2

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.